FILIPINO 4
UNANG TRIMESTER

PANUTO: Basahin ang kuwento ng "Alamat ng Pinya."




Sa isang malayong lugar ay may nakatirang mag-ina. Mahal na mahal ni Aling Rosa ang kanyang anak na si Pina. Inaalagaan niya itong mabuti at hindi niya pinagagawa sa bahay upang hindi mapagod. Masaya na siyang nagsisilbi sa anak at gumawa ng lahat ng trabaho sa bahay. Si Pina ay lumaki sa layaw dahil sa kagagawan ni Aling Rosa. Gustuhin man niyang turuan itong gumawa sa bahay at magbago ng ugali ay hindi na niya magawa. Ayaw nang baguhin ni Pina ang kanyang nakasanayang masarap na buhay. Kung kaya't napilitan si Aling Rosa na kahit na matanda na ay siya pa rin ang nagtatrabaho at gumawa ng lahat ng gawain sa bahay.
Isang araw ay nagkasakit si Aling Rosa. Mahinang-mahina siya at hindi na makabangon sa higaan. Nagmakaawa siya sa anak na magluto ng pagkain upang hindi sila magutom na mag-ina.

Masama man ang loob ay pumayag si Pina na magluto at gumawa ng iba pa. Ngunit pamali-mali dahil hindi siya sanay magtrabaho.
Nagtagal ang sakit ni Aling Rosa at nagsawa si PIna sa paggawa at pagsunod sa utos ng ina. Madalas na silang magkagalit. Laging masama ang loob ni Pina habang gumagawa ng trabaho sa bahay.

LIVEWORKSHEETS

Isang araw ay magluluto na naman si Pina. Hindi siya makapagsimula dahil hindi niya makita ang sandok. Hinanap niya itong mabuti sa loob ng bahay ngunit di pa rin niya makita. Nagreklamo na siya sa kanyang ina. Inutusan siya ng ina na bumaba ng bahay at doon hanapin dahil baka nahulog sa lupa.

Nagkakagalit na ang mag-ina dahil sa paghahanap ng nawawalang sandok, hanggang sa nasambit ni Aling Rosa ang:
" Sana'y tubuan ka ng maraming mata nang makita mo ang iyong hinahanap!"

Ilang oras na ang nagdaan ay hindi pa umaakyat si Pina sa bahay. Lumipas na ang gutom ni Aling Rosa ay wala pa rin si Pina. Gabi na wala pa rin si Pina. Nag-alala na si Aling rosa sa hindi pagbalik ni Pina. Nagtanong siya sa kanilang mga kapitbahay ngunit walang nakakita kay Pina . Hinanap niya itong muli sa buong kabahayan at sa buong bakuran. Hindi na niya nakita si Pina.

Isang araw, sa isang sulok ng kanilang bakuran ay nakita niya ang isang halaman na ang bunga ay tulad ng isang ulo na maraming mata. Naalaala ni Aling Rosa ang sinabi sa kanyang anak: Sana'y tubuan ka ng maraming mata nang makita mo ang iyong hinahanap! Napaiyak si Aling Rosa at iniisip na ang halamang tumubo sa kanyang bakuran ay ang kanyang anak na si Pina.

Inalagaan niya ang halaman at simula noon ay tinawag niya itong pinya.

PANUTO A: Sagutin ang mga tanong. I-type ang titik ng tamang sagot.

________________1. Sino ang batang babae sa kuwento?

A. Rita
B. Pina
C. Rina
D. Fiona

LIVEWORKSHEETS

_________________2. Ano ang pangalan ng kanyang nanay?

A. Aling Roda
B. Aling Rona
C. Aling Rosa
D. Aling Roma

__________________3. Paano ipinakikita ng ina ni Pina ang pagmamahal sa kanya?

A. Ipinaglalaba siya ng mga damit.
B. Hinahatid siya sa paaralan.
C. Inaalagaan siyang Mabuti.
D. Ipinagdarasal siya palagi.

__________________4. Anong ugali ni Pina ang pinakaayaw ng kanyang ina?

A. Palagi siyang naglalaro.
B. Siya ay tamad.
C. Nagpupuyat ito tuwing gabi.
D. Hindi nag-aaral si Pina.

_________________5. Ano ang nangyari kay Aling Rosa kaya inutusan niyang magluto si Pina?

A. Napapagod siya sa paglilinis.
B. Mahinang-mahina na siya.
C. Siya ay inaantok.
D. Hindi pa siya tapos maglaba.

________________6. Ano ang tagpuan ng kuwento?

LIVEWORKSHEETS

A. Sa isang baryo-nangyari isang gabi
B. Sa isang malayong lugar-nangyari isang umaga
C. Noong unang panahon- isang madilim na gabi
D. Sa isang malayong palasyo-Isang gabi

_______________7. Ano ang suliranin o problema sa kuwento?

A. Si Aling Rosa ay may sakit.
B. Hindi makita ni Pina ang sandok.
C. Naging pinya si Pina.
D. Nagalit si Aling Rosa kay Pina.

_______________8. Ano ang naging solusyon sa kuwento?

A. Nasabi ni Aling Rosa na sana ay magkaroon ng maraming mata si Pina.
B. Pinaalis ni Aling Rosa si Pina sa kanilang bahay.
C. Si Aling Rosa na lamang ang nagluto ng pagkain.
D. Hinanap ni Aling ang sandok kahit na siya ay mahina.

______________9. Ano ang naging wakas ng kuwento?

A. Si Aling Rosa ay pumunta sa doktor para magpagamot.
B. Naging isang halaman si Pina na tinawag na pinya.
C. Kinuha ng mga kapitbahay ang tumubong halaman.
D. Nagalit si Aling Rosa sa nangyari sa kanyang anak.

_______________10. Ano ang mensahe o aral na makukuha mo mula sa kuwento?

A. Kapag may hinahanap ay gamitin nang mabuti ang mata.
B. Matutong makinig at sumunod sa mga magulang.
C. Magtanim ng mga halaman upang gumanda ang paligid.
D. Maging masipag sa gawaing-bahay upang di mapagalitan.

LIVEWORKSHEETS

PANUTO B: Ayusin ang mga pangyayari sa kuwento. Lagyan ng bilang 1- 8 ayon sa tamang pagkakasunod-sunod nito.

____________________ Isang araw ay magluluto na naman si Pina. Hindi siya makapagsimula dahil hindi niya makita ang sandok.

_____________________ Sa isang malayong lugar ay may nakatirang mag-ina. Mahal na mahal ni Aling Rosa ang kanyang anak na si Pina.

______________________ Inalagaan niya ang halaman at simula noon ay tinawag niya itong pinya.

______________________ Nagtagal ang sakit ni Aling Rosa at nagsawa si PIna sa paggawa at pagsunod sa utos ng ina.

______________________Sinabihan ni Aling Rosa ang anak na sana ay tubuan ng maraming mata upang makita ang hinahanap.

______________________ Nagmakaawa si Aling Rosa sa anak na magluto ng pagkain upang hindi sila magutom na mag-ina.

______________________ Hindi makapagsimula si Pina ng pagluluto dahil hindi niya makita ang sandok.

______________________ Napaiyak si Aling Rosa at iniisip na ang halamang tumubo sa kanyang bakuran ay ang kanyang anak na si Pina.

LIVEWORKSHEETS